Mga Madalas Itanong:

Tungkol sa Mga Bagong Mapa

1 Kailan magkakaroon ng bisa ang mga bagong mapa?

Isinasaad sa artikulo 21, seksyon 2(i) ng Konstitusyon ng estado na ang mga pinal na mapa ay itinuturing na “ipinagtibay” sa petsa ng pagsertipika ng mga iyon sa Kalihim ng Estado (12/27/2021). Sinisimulan ng petsa ng “pagpapatibay” ang 90 araw na panahon para maihain ang petisyon para sa referendum. Kung walang sapat at napapanahong petisyon para sa referendum na inihahain, magiging “may bisa” ang mga mapa 90 araw pagkatapos ng pagpapatibay/pagsertipika (3/27/22). Pero sa katunayan, hindi magiging “ipinapatakbo” ang mga mapa at bagong hanggahan ng distrito hanggang sa pangunahin at pangkalahatang eleksyon sa 2022; ginagamit ang mga bagong hanggahan pagkatapos ng mga eleksyong iyon at sa katunayan ay hindi “umiiral” ang mga bagong distrito hanggang makumpleto ang pangkalahatang eleksyon sa 2022.

2 May bago ba akong kinatawan?

Nalalapat pa rin ang mga kasalukuyang hanggahan para sa mga layunin ng pagtukoy sa kung sino ang mga botante ng iba’t ibang hinalal na opisyal at tanggapan; sa madaling salita, hanggang sa pangkalahatang eleksyon/inagurasyon sa 2022, ang mga botante ay kinakatawan pa rin ng kinatawan ng kanilang dati/umiiral na distrito, at hindi ng umiiral na kinatawan ng bagong distrito kung saan posible nilang makita ang kanilang mga sarili pagkatapos ng eleksyon sa 2022.

3 Paano kung mag-resign ang aking kinatawan?

Ang isang espesyal na eleksyon para punan ang bakanteng puwesto sa isang umiiral na distrito ay gumagamit ng mga “lumang” hanggahan at isinasagawa sa distrito kung saan ito umiiral noong huling hinalal ang kandidato, kahit na maaaring maganap ang eleksyon pagkatapos ng Marso 27, 2022.

Mga Tanong Tungkol sa Mga Bagong Mapa

4 Saan ko makikita ang mga pinal na mapa?

Makikita ang mga pinal na mapa sa PDF, katumbas nito at mga shape file sa website ng CRC, sa ilalim ng tab na “Final Maps” (Mga Pinal na Mapa):
https://www.wedrawthelinesca.org/final_maps

Gamitin ang viewer ng mapa sa ibaba ng parehong page para tingnan ang iyong distrito at mag-zoom in at mag-zoom out sa iyong komunidad. Magsimula sa pamamagitan ng paglalagay ng address o zip code sa search box.

5 Saan ko makikita ang mga kasalukuyang mapa?

Makikita ang mga kasalukuyang mapa (inaprubahan noong 2011) gamit ang viewer ng mapa sa ilalim ng tab na “Data” sa website ng CRC. Kapag naglagay ka na ng address o zip code, piliin lang ang mga mapa sa “current day” (kasalukuyang araw) sa drop down menu para sa pinipiling uri ng mapa (Kongreso, Senado, Kapulungan (Assembly), Lupon sa Pagpapantay-pantay (Board of Equalization)).
https://www.wedrawthelinesca.org/map_viewer

6 Saan ko makikita ang pinal na ulat sa mga mapa?

Makikita ang pinal na ulat at ang lahat ng kalakip sa website ng CRC sa ilalim ng tab na “Pinal na Ulat ng Mga Mapa” (Final Maps Report).
https://www.wedrawthelinesca.org/final_maps_report

7 Ano ang mga ipinagpaliban/pinabilis na botante?

Ang mga pinaghiwa-hiwalay na tuntunin para sa Senado ng Estado ay nangangahulugang magkakaroon ng pagkakasabay sa pagitan ng mga bago at lumang distrito para sa mga distrito ng Senado na nagtatapos sa even na numero. Basahin pa ang tungkol sa paksa rito: https://lwvc.org/deferred-and-accelerated-voters-redistricting-and-state-senate

8 Bakit sa ganitong paraan iginuhit ang aking distrito?

Noong iginuguhit ang mga mapa, sumunod ang mga Komisyonado sa mahigpit na isinaalang-alang na pamantayan gaya ng nakabalangkas sa Konstitusyon ng California. Basahin pa ang tungkol sa pamantayan dito:
https://www.wedrawthelinesca.org/faq#what_criteria_are_used_when_drawing_maps

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa CRC, mangyaring bisitahin ang:
https://www.WeDrawTheLinesCA.org/